# 日本語初期指導教室（希望）

Nihonggo shoki shidou kyoushitsu 「Kibou」

Gabay sa Pag-aaral ng wikang hapon 「Kibou」

Para sa mga mag-aaral na bagong dating at hindi pa nakakaunawa ng wikang hapon at hindi pa alam ang pamamaraan at pamamalakad ng paaralan dito sa bansang Hapon,ang lungsod po natin dito sa okazaki ay nagtatag ng isang pasilidad para sa inyo at ito ay tinatawag na「Kibou」Pre-class Pag-asa naman kung tawagin sa wika natin.

Pag-aaral ng Basic Japanese ・ Pagsasanay sa school life

**Pre-Class**

（Tatlong buwan ）



Maging maayos ang pagpasok

City Junior High School / Elementary(pinapasu-kan na paaralan） Pag-aaral ng Japanese



Karagdagan na Edukasyon

Japanese Class ⇄ Baitang

1. Balangkas/Outline

Ang mga mag-aaral na nasa ika-4 na baitang pataas na hindi nakakaunawa ng wikang hapon ay tuturuan at gagabayan upang maging maayos at masanay sila sa pamamaraan ng pag-aaral dito sa Japan.Pangunahin na ituturo sa kanila ang「Karaniwang salita na ginagamit sa pamumuhay sa paaralan,mga salita na ginagamit pang araw araw sa loob ng tahanan,titik na Hiragana, Katakana, pagbasa at pagsulat ng simpleng kanji, at pag-aaral ng simpleng aralin sa matematika.Sila ay tuturuan at gagabayan sa loob ng tatlong buwan.

2. Maaaring sumali o magpalista

Mag-aaral na nakatungtong sa ika-4na baitang pataas,hindi marunong magsalita ng wikang hapon,nag-aaral sa mga paaralan na nasasakop ng okazaki city,mag-aaral na-nagtransfer dito sa paaralan ng lungsod ng okazaki,mag-aaral na may magulang na humihiling na maienroll dito ang anak at mga mag-aaral na pinahihintulutan ng punong guro na makapag-enroll sa pasilidad na ito.

3. Period

Tatlong buwan o (48 days)lamang ang gagawin na pag-aaral,ito ay simula lunes hanggang huwebes, at pag araw naman ng biyernes sila ay papasok sa kanikanilang paaralan.

4..**Lugar**

Okazaki Municipal Minami Junior High School(Okazaki City, Tosaki Cho, Aza Noguro 8-1)

※Kung sasakay ng Meitetsu Bus at baba sa Tosaki cho station 3minutong lalakarin ito,4na minutong lalakarin kung sa harap ng Okazaki Post Office baba at 6na minuto naman lalakarin kung sa Higashi Tosaki station baba.

**Nihonggo shoki shidou kyoushitsu Kibou Pre-class Tel:090-1416-6344**

**5.Paraan at mga Alintuntunin sa pagpasok**

Kailangan gumamit ng mga pampublikong transportasyon,maaari ding magpahatid sundo sa magulang o kaya naman ay magbisikleta subalit ito ay responsibilidad ng mga magulang.

**6.Mga nilalaman ng pag-aaralan/Iskedyul**

Ang lesson contents na nakasulat sa ibaba ay mga halimbawa lamang.

| Iskedyul sa loob ng 1 araw | Oras | (Hal.) Nilalaman ng Pag-aaralan |
|---|---|---|
| Oras ng Pasok | 8：45 | |
| Meeting sa Umaga | 9：00～ 9：20 | Meeting sa umaga (komunikasyon at announcement･gagawin ang tungkulin sa loob ng paaralan・magbabasa ng aklat) |
| 1st Period | 9：20～10：10 | Japanese（written characters, vocabulary） |
| 2nd Period | 10：20～11：10 | Mathematics simple word problems.<br>（isa-isang tuturuan ang mag-aaral ayon sa kanyang kakayanan） |
| 3rd Period | 11：20～12：10 | Japanese（basic sentence pattern,conversation） |
| Lunch | 12：10～12：50 | ※ Magdala ng baon |
| Cleaning | 12：50～13：00 | Cleaning（Maglilinis ng ginamit na classroom at iba pa.） |
| 4th Period | 13：10～14：00 | Japanese( conversation at aktibidad) |
| 5th Period | 14：10～15：00 | Pagbabalik aral sa mga asignaturang ginawa sa klase,atbp. |
| Meeting sa Hapon | 15：00～15：10 | Meeting sa hapon（paghahanda sa pag-uwi, tsekin ang homework, mga bagay na dapat dalhin, iskedyul at iba pa) |

**7　Gastusin**

Libre at walang kinakailangan bayaran sa pag-aaral,subalit ang mga school supplies o kagamitan na hihilingin paminsan ay kailangan sagutin ng mga magulang.

**8　Paraan ng Pagpapalista**

〇Kailangan magpalista o mag-enroll muna sa mga paaralan pang elementarya o paaralang pang Junior High school na nasasakupan ng city Board of Education dito sa okazaki.

〇Kailangan magsadya ang Magulang kasama ang mag-aaral sa Kibou Pre-class para sa ilang interview na isasagawa ng Kibou Coordinator Teacher.

〇Ang application form o mga dokumento na manggagaling o ibibigay ng Kibou Pre-class ay kailangan isumite sa paaralan na siyang pinapasukan.

Para sa inyong ilang katanungan huwag mag atubiling tumawag sa numerong ito

Okazaki Board of Education School Management Division
（Fukushi Kaikan　4 th Floor）
Tel.　０５６４－２３－６６２４
Fax　０５６４－２３－６５２９
Okazaki shi Juocho2-9
（Lunes～Biyernes　８：３０～１７：１５）

